ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Kakayahang Panliterasi sa Pagbasa at Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Baitang 11 Akademik Trak sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Kalamansig

Jessie C. Marquez Jr.*[1], Yolanda C. Dapitan, MAEd[2]
[1,2]Sultan Kudarat State University-ACCESS Campus, Tacurong City, Philippines
*Corresponding Author email: *jessie.marquez@deped.gov.ph*

**Received**: 28 February 2025 **Revised**: 01 April 2025 **Accepted**: 03 April 2025

**Available Online**: 05 April 2025

**Volume IV (2025), Issue 2, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

https://doi.org/10.63498/nxz2st254

***Abstrak***
**Layunin:** Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pag-alam ng kakayahang panliterasi sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 11 Akademik Trak sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Kalamansig..
**Metodolohiya:** Ginamit sa pag-aaral ang *descriptive-correlational* na disenyo ng kuwantitatibong pananaliksik. Binubuo ng 102 mga mag-aaral mula sa Akademik Trak ng Baitang 11 bilang mga kalahok sa pag-aaral. Ang ginamit na instrumento sa pangangalap ng datos ay istandardisadong pagsusulit at rubriks sa pag-tsek ng mga awtput na sanaysay. Sa pag-analisa ng datos, ginamit ang *mean*, *standard deviation* at *correlation coefficient value*.
**Resulta:** Lumabas sa resulta ng pag-aaral na mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa literal na antas ng komprehensiyon sa pagbasa. Sa kabilang banda, ang inferensiyal na antas ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nasa mababang-mababa na antas. Gayundin, nasa mababang-mababa na antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na antas ng komprehensiyon sa pagbasa. Sa pagsulat naman, mababang-mababa na antas ng kakayahan ng mga mag-aaral partikular sa nilalaman, organisasyon, gramatika, mekaniks, at estilo sa pagsulat. Sa pangkalahatan, may makabuluhang ugnayan ang kakayahang panliterasi sa pagbasa at kakayahang panliterasi sa pagsulat ng mga mag-aaral.
**Kongklusyon:** Batay sa resulta ng pag-aaral, natukoy na ang antas ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay may pagkakaiba-iba. Bagaman mahusay ang kanilang literal na komprehensiyon, hindi nila nakamit ang inaasahang antas sa inferensiyal at kritikal na komprehensiyon. Samantala, sa pagsulat, natuklasan na sa lahat ng krayterya—nilalaman, organisasyon, gramatika, mekaniks, at istilo—ay hindi rin nila naabot ang inaasahang antas. Ipinapakita rin ng pagsusuri na may mababang relasyon sa pagitan ng kakayahang panliterasi sa pagbasa at pagsulat. Gayunpaman, ang ugnayang ito ay makabuluhan sa estadistikal na pagsusuri. Ipinapahiwatig nito na bagaman may koneksyon ang dalawang kasanayan, kinakailangan ang mas masusing interbensiyon upang mapalakas ang parehong aspekto ng panliterasi ng mga mag-aaral.

***Mga Susing Salita:*** akademik trak, kakayahang panliterasi, komprehensiyon, pagbasa, pagsulat

## INTRODUKSIYON

Ang maagang pagkatuto ng pagbasa at pagsulat ay nagbubukas ng oportunidad para sa patuloy na pag-aaral habang-buhay. Kadalasang may suliraning panlipunan at pang-ekonomiya ang mga taong walang ganitong kritikal na kasanayan. Batay sa pandaigdigang datos tungkol sa literasiya, tinatayang 86% ang antas ng pagkatuto sa pagbasa at pagsulat sa buong mundo. Ipinapakita nito na may humigit-kumulang 774 milyong indibidwal ang hindi marunong bumasa o magsulat. Sa kasalukuyan, isa sa pinakamalalaking suliraning kinakaharap ng lipunan ang kakulangan sa kasanayan sa literasiya, kung saan milyon-milyong kabataan ang may mababang antas ng pagbasa o wala pang kasanayan nito. Noong 2018, tinatayang 258 milyong bata ang hindi pa natutong bumasa at sumulat. Maging sa mga mauunlad na bansa, isa sa bawat apat na bata ang nahihirapang matuto ng pagbabasa (UNESCO, 2018).



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Habang mas maraming indibidwal ang nagkakaroon ng dekalidad na edukasyon, patuloy na tumataas ang antas ng literasiya sa Pilipinas. Sa pagitan ng 2010 hanggang 2021, naitala ang pinakamataas na literacy rate noong 2021, na umabot sa 99.27%, habang pinakamababa naman ito noong 2018. Sa loob ng nasabing panahon, tumaas ang literacy rate ng bansa ng 1.4%, na may taunang pagtaas na 0.03% noong 2021. Sa kabilang banda, ayon sa ulat ng PhilStar, noong PISA 2018 nakakuha ang Pilipinas ng average reading score na 340, na siyang pinakamababa sa 79 bansang lumahok sa pagsusuri. Ipinapakita ng resultang ito na may kakulangan pa rin ang Pilipinas pagdating sa kasanayang panliterasiya na kinakailangan sa pandaigdigang kompetisyon. Dagdag pa rito, sa ikalawang pagkakataon, lumabas sa PISA 2022 na kabilang ang Pilipinas sa sampung bansang may pinakamababang antas ng kakayahan sa pagbasa mula sa 81 kalahok na bansa.

Samantala, sa larangan ng pagsulat ay may natuklasan ding mga umiiral na suliranin. Ayon kay Lasala (2014), taglay ng mga estudyante sa sekondarya ang mahinang kakayahan sa pagsulat kaysa pagbasa, sa kabila ng malapit na ugnayan ng dalawang kasanayang ito. Ayon naman kina Pablo at Lasaten (2018), nakararanas ng kahirapan sa bawat aspekto sa pagsulat ng mga akademikong sanaysay ang estudyante sa Baitang 11. Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagsulat dahil sa kakulangan ng iba't ibang idea, kawalan ng sapat na pang-ugnay, hindi wastong paggamit ng mga salita, hindi maayos na pagbuo ng pangungusap, at kakulangan sa paggamit ng mga pagsipi. Nadiskubre naman ni Guanzon (2019) na may suliranin sa pagsulat ang mga estudyante sa Grade 12, partikular sa pagbuo ng magkakaugnay na kaisipan at pagpapahayag ng kanilang idea sa naaangkop na estilo. Isa na rin sa mga pangunahing hamon ang mababang motibasyon ng mga ito sa pagsulat. Sa antas ng kolehiyo, lumalabas din na maraming estudyante ang may mahinang kasanayan sa pagsulat, at karamihan sa kanila ay nagpapakita ng negatibong pananaw ukol dito (Hernandez et al., 2017).

Maraming pag-aaral ang isinagawa hinggil sa kakayahang panliterasi, ngunit may kakulangan sa mga pag-aaral na isinagawa sa lokal na konteksto, partikular sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Kalamansig. Halos ang mga pag-aaral ay nakatuon sa pagbasa at pagsulat bilang magkahiwalay na kasanayan, ngunit kulang ang pag-aaral na nagtatasa sa sabay na pag-unlad ng dalawang ito sa mga mag-aaral ng akademik trak. Ang pagsasagawa ng pag-aaral na ito hinggil sa "Kakayahang Panliterasi sa Pagbasa at Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Baitang 11 Akademik Trak sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Kalamansig" ay mahalaga upang maunawaan at masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa literasi, partikular sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Ang literasi ay hindi lang tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na basahin at unawain ang mga teksto, kundi pati na rin sa kanilang kakayahang gamitin ang mga kasanayang ito sa iba't ibang sitwasyon at konteksto.

Sa pagsukat at pagsusuri sa level ng literasi sa Baitang 11 Akademik Trak, maaaring makabuo ang paaralan ng epektibong estratehiya at programa upang higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Ang mga impormasyong nakuha mula sa pananaliksik na ito ay magsisilbing gabay sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga interbensyon at gawaing pang-edukasyon na naglalayong palakasin ang kakayahang panliterasi.

**Mga Layunin**

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pag-alam sa antas ng literasi sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa akademik trak ng Baitang 11 sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Kalamansig. Layon nitong makuha ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa pagbasa at ang level sa pagsulat batay sa limang krayterya.

Mula sa layuning nabanggit, sinikap ng mananaliksik na sagutin ang mga tanong ng pag-aaral sa ibaba:

1. Ano ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa Akademik Trak batay sa:
   1.1 literal na komprehensiyon;
   1.2 inferensyal na komprehensiyon; at
   1.3 kritikal na komprehensiyon?
2. Ano ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Akademik Trak batay sa:
   2.1 nilalaman;
   2.2 organisasyon;
   2.3 gramatika:
   2.4 mekaniks; at
   2.5 estilo ng pagsulat?


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

3. May makabuluhang ugnayan ba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa sa kakayahan sa pagsulat?

**Ipotesis**

Sinubok ang *null hypothesis* ng pag-aaral gamit ang 0.05 *level of significance*.

1. Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahang panliterasi sa pagbasa at kakayahang panliterasi sa pagsulat.

**METODO**

**Disenyo ng Pag-aaral**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *descriptive-correlational* na disenyo ng kuwantitatibong pag-aaral. Ito ay naglalarawan ng natural na ugnayan ng mga baryabol at tukuyin ang antas ng ugnayan ng mga ito (Parieto et al., 2017). Inilarawan sa pag-aaral na ito ang kakayahang panliterasi ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat. Tinukoy rin ang mahalagang ugnayan ng kakayahang panliterasi sa pagbasa at kakayahang panliterasi sa pagsulat.

**Populasyon at Sampling**

Mga mag-aaral ng Grade 11 Academic Track mula sa mga *strands* ng HUMSS, STEM, ABM ang mga kalahok. Sa kabuoang 108 mga respondente, 102 lamang ang nakalahok sa pag-aaral, anim ang lumiban. *Total* o *complete enumeration* ang ginamit sa pagkuha ng sampol ng mga kalahok. Kung gayon, ang buong populasyon ng mga estudyante sa bawat *strand* ang kalahok sa pag-aaral upang masagot ang mga suliranin.

**Instrumento**

Istandardisadong pagsusulit sa pag-unawa sa binasa ang ginamit na instrumento upang tukuyin ang kakayahang panliterasi sa pagbasa ng mga mag-aaral. Samantala, ginamit ang rubrik sa pag-tsek sa pinasulat na sanaysay sa mga mag-aaral sa pagatukoy ng kakayahang panliterasi sa pagsulat.

**Koleksiyon ng Datos**

Ang mga datos ay tinipon, binasa, at sinuri alinsunod sa layunin ng pag-aaral at alinsunod sa lahat ng mga protokol sa pagsasagawa ng pananaliksik.

**Tritment ng Datos**

Ginamit ang mga angkop na deskriptibong estadistika upang suriin ang mga datos. Sa pagtukoy ng kahusayan sa komprehensiyon sa pagbasa at kahusayan sa pagsulat, ginamit ang *average mean* at *standard deviation*. Inilarawan nito ang kakayahang panliterasi sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral. Sa pagtukoy ng makabuluhang koneksiyon ng kakayahang panliterasi sa pagbasa sa kakayahang panliterasi sa pagsulat, ginamit ang *Pearson correlation coefficient*.

**Mga Pagsasaalang-alang sa Etika**

Tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng mga protokol sa pananaliksik na may kaugnayan sa etika ay sinunod para sa proteksyon ng lahat ng mag-aaral at institusyong kasangkot sa pagsasagawa ng pag-aaral.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**RESULTA at DISKUSYON**

**Antas ng Literal na Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

Matutunghayan sa talahanayan 1 ang antas ng literal na komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakikita nito ang kahusayan sa pag-unawa ng mga hayag na impormasyon mula sa binasang teksto. Batay rito, maaaring tasahin ang kanilang kakayahan sa pagkuha ng tiyak na detalye.

**Talahanayan 1. Resulta ng Pagsusulit sa Literal na Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Akademik Trak**

| Pangkat | *Mean* | *sd* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| HUMSS strand | 24.90 | 2.86 | Nalilinang |
| ABM strand | 24.97 | 4.66 | Nalilinang |
| STEM strand | 27.06 | 2.38 | Mahusay |
| **KABUOAN** | **25.64** | **3.29** | **Mahusay** |

Makikita sa talahanayan 1 na ang antas ng literal na komprehensiyon ng mga mag-aaral mula sa tatlong *strands* ng akademik trak ay may kabuoang *mean score* na 25.64 at *standard deviation* na 3.29. Ito ay may deskripsiyong mahusay, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng komprehensiyon sa pagbasa. Natukoy na ang STEM *strand* ang may pinakamataas na *mean score* na 27.06 at *standard deviation* na 2.38. Samantala, ang ABM *strand* ay may *mean score* na 24.97 at *standard deviation* na 4.66, na may deskripsiyong nalilinang, na nangangahulugang nasa katamtamang antas ang kanilang komprehensiyon. Gayundin, ang HUMSS *strand* ay may *mean score* na 24.90 at *standard deviation* na 2.86, na may kaparehong deskripsiyon. Sa pangkalahatan, ipinakikita ng mga datos na mataas ang kahusayan ng mga mag-aaral sa literal na komprehensiyon.

Bilang resulta, sinasang-ayunan ito ni Fernandez (2021) sa kanyang pag-aaral, napag-alamang mahusay ang antas ng literal na komprehensiyon ng mga mag-aaral. Katulad nito, ipinakita rin sa pananaliksik ni Caspe (2024) na ang antas ng literal na komprehensiyon ng mga estudyante sa *senior high school* ay nasa mataas na antas.

**Antas ng Inferensiyal na Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

Inilahad sa talahanayan 2 ang inferensiyal na antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Inilalantad nito ang antas ng komprehensiyon ng HUMSS, ABM, at STEM *strands* at ang kanilang kakayahan sa paghinuha ng impormasyon mula sa binasang teksto.

**Talahanayan 2. Resulta ng Pagsusulit sa Inferensiyal na Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Akademik Trak**

| Pangkat | *Mean* | *sd* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| HUMSS strand | 10.90 | 2.19 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| ABM strand | 10.24 | 1.61 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| STEM strand | 12.17 | 1.85 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| **KABUOAN** | **11.10** | **1.88** | **Hindi nakamit ang inaasahan** |

Makikita sa talahanayan 2 na ang inferensiyal na komprehensiyon ng mga mag-aaral mula sa tatlong *strand* ng akademik trak ay may kabuoang *mean score* na 11.10, na may *standard deviation* na 1.88. Ito ay may deskripsiyong hindi nakamit ang inaasahan, na nagpapahiwatig ng mababang antas ng komprehensiyon. Sa tatlong *strand*, natukoy na ang STEM *strand* ang may pinakamataas na *mean score* na 12.17, na may *standard deviation* na 1.85, subalit nananatili pa ring hindi nakamit ang inaasahan. Samantala, ang HUMSS *strand* ay may *mean score* na 10.90 at *standard deviation* na 2.19, samantalang ang ABM *strand* naman ay may *mean score* na 10.24 at *standard deviation* na 1.61. Parehong may deskripsiyong hindi nakamit ang inaasahan ang HUMSS at ABM *strand*. Ipinakikita ng mga datos na ang inferensiyal na komprehensiyon ng mga mag-aaral sa tatlong *strand* ay nananatiling nasa mababang-mababa na antas.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Ang pag-aaral ni Fernandez (2021) ay nagpatunay na ang mga mag-aaral sa GAS *strand* ay may mababang kasanayan sa inferensiyal na antas ng komprehensiyon sa pagbasa. Gayundin, ang pananaliksik ni Flores (2020) ay nagpakita rin ng kahalintulad na resulta, kung saan lumitaw na mababa ang antas ng inferensiyal na komprehensiyon ng mga mag-aaral.

**Antas ng Kritikal na Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

Inihahantad sa talahanayan 3 ang antas ng kritikal na komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Mula rito, matutunghayan ang kanilang kakayahan sa masusing pag-unawa ng teksto. Ang impormasyong ito ay mahalaga sa pagsusuri ng kanilang kasanayan sa pagbasa.

**Talahanayan 3. Resulta ng Pagsusulit sa Kritikal na Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Akademik Trak**

| Pangkat | *Mean* | *sd* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| HUMSS strand | 6.77 | 1.84 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| ABM strand | 6.97 | 1.60 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| STEM strand | 7.43 | 1.24 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| **KABUOAN** | **7.01** | **1.56** | **Hindi nakamit ang inaasahan** |

Mapapansin sa talahanayan 3 na ang pangkalahatang antas ng kritikal na komprehensiyon ng mga mag-aaral mula sa tatlong *strands* ng akademik trak ay may *mean score* na 7.01 at *standard deviation* na 1.56, na may deskripsiyong hindi umabot sa inaasahang antas. Batay sa datos, bagama't ang STEM *strand* ang may pinakamataas na *mean score* na 7.43 at *standard deviation* na 1.24, hindi pa rin nito naabot ang inaasahang antas. Samantala, ang ABM *strand* ay nagtala ng *mean score* na 6.97 at *standard deviation* na 1.60, na may parehong deskripsiyon na hindi umabot sa inaasahan. Gayundin, ang HUMSS *strand* ay may *mean score* na 6.77 at *standard deviation* na 1.84, na nagpapakita rin ng hindi pagtamo sa inaasahang antas. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na ang antas ng kritikal na komprehensiyon ng mga mag-aaral ay nananatiling mababang-mababa.

Ang resulta ay pinagtibay ng pag-aaral ni Fernandez (2021), lumitaw na ang mga mag-aaral sa Baitang 11 ay may mababang antas ng kritikal na komprehensiyon. Samantala, batay sa pananaliksik nina Sunio at Guzman (2024), natukoy na ang mga mag-aaral sa pampublikong paaralan ay nasa antas ng *instructional* sa kritikal na komprehensiyon sa pagbasa, na nagpapahiwatig na kinakailangan nila ng patnubay mula sa guro.

**Antas ng Pagsulat ng mga Mag-aaral batay sa Nilalaman**

Ipinapakita sa talahanayan 4 ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat batay sa nilalaman. Sinuri ito batay sa nilalaman ng sinulat na sanaysay ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 4. Resulta ng Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Akademik Trak batay sa Nilalaman**

| Pangkat | *Mean* | *sd* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| HUMSS strand | 14.55 | 3.03 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| ABM strand | 14.11 | 3.39 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| STEM strand | 15.00 | 2.89 | Nagsisimula |
| **KABUOAN** | **14.55** | **3.10** | **Hindi nakamit ang inaasahan** |

Makikita sa talahanayan 4 na ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral mula sa tatlong *strands* ng akademik trak, batay sa nilalaman, ay may *mean score* na 14.55 at *standard deviation* na 3.10. Ito ay may deskripsiyong hindi nakamit ang inaasahan, na nagpapahiwatig ng mababang-mababa na antas ng pagsulat ng mga mag-aaral. Sa tatlong *strands*, ang STEM ang may pinakamataas na *mean score* na 15.00 at *standard deviation* na 2.89, na may deskripsiyong nagsisimula, nangangahulugang ang antas ng kakayahan sa pagbuo ng nilalaman ay nananatili pa ring mababa. Samantala, ang HUMSS *strand* ay nakakuha ng *mean score* na 14.55 at *standard deviation* na 3.03, na hindi rin umabot sa inaasahang antas. Ang ABM *strand* naman ay nagtala ng *mean score* na



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

14.11 at *standard deviation* na 2.89, na may parehong deskripsiyon na hindi nakamit ang inaasahan. Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta na ang kakayahan sa pagsulat batay sa nilalaman ng mga mag-aaral ay nananatiling mababang-mababa.

Pinatutunayan ng pag-aaral ni Misa (2021), nasa mababang antas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, partikular sa nilalaman. Katulad nito, ipinakita rin sa pananaliksik nina Graham at Harris (2020) na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng nilalaman ng kanilang akademikong sulatin dahil sa iba't ibang salik na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan.

**Antas ng Pagsulat ng mga Mag-aaral batay sa Organisasyon**

Makikita sa talahanayan 5 ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, partikular sa organisasyon. Sinusuri nito kung paano nila inayos ang kanilang mga sanaysay upang maipahayag nang maayos at malinaw ang kanilang mga idea. Mula rito, masusuri ang kanilang kakayahan sa lohikal at maayos na pagpapahayag ng kaisipan.

**Talahanayan 5. Resulta ng Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Akademik Trak batay sa Organisasyon**

| Pangkat | *Mean* | *sd* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| HUMSS strand | 13.52 | 3.55 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| ABM strand | 12.66 | 4.63 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| STEM strand | 14.53 | 3.13 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| **KABUOAN** | **13.57** | **3.77** | **Hindi nakamit ang inaasahan** |

Batay sa datos na makikita sa talahanayan 5, ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral mula sa tatlong *strands* ng akademik trak, partikular sa organisasyon, ay may kabuoang *mean score* na 13.57 at *standard deviation* na 3.77, na may deskripsiyong hindi nakamit ang inaasahan. Para sa STEM *strand*, ang *mean score* ay nasa 14.53 na may *standard deviation* na 3.13, na nagpapakita rin ng hindi pagtugon sa inaasahang antas. Samantala, ang HUMSS *strand* ay may *mean score* na 13.52 at *standard deviation* na 3.55, habang ang ABM *strand* ay nagtala ng *mean score* na 12.66 at *standard deviation* na 4.63—parehong may deskripsiyon na hindi nakamit ang inaasahan. Ipinakikita ng mga resultang ito na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-oorganisa ng mga idea sa pagsulat ay nasa mababang-mababa na antas.

Batay sa resulta, sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Ichiano (2014) na ang mga mag-aaral ay kulang sa kaalaman sa pagsulat partikular sa organisasyon ng mga idea. Gayundin, natuklasan sa pag-aaral nina Bruma at Marbella (2019) ang kakulangan sa pagbuo ng lohikal na organisasyon ng mga idea.

**Antas sa Pagsulat ng mga Mag-aaral batay sa Gramatika**

Inilahad sa talahanayan 6 ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat, partikular na sa gramatika. Mula rito, masusuri ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wastong balarila at kung gaano sila kahusay sa pagbuo ng mga pangungusap na sumusunod sa tamang tuntunin ng wika.

**Talahanayan 6. Resulta ng Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Akademik Trak batay sa Gramatika**

| Pangkat | *Mean* | *sd* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| HUMSS strand | 12.97 | 3.48 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| ABM strand | 12.83 | 3.44 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| STEM strand | 13.61 | 3.28 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| **KABUOAN** | **13.14** | **3.40** | **Hindi nakamit ang inaasahan** |

Makikita sa talahanayan 6 na ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral mula sa tatlong *strands* ng akademik trak, batay sa gramatika, ay may kabuoang *mean score* na 13.14 at *standard deviation* na 3.40,


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

na may deskripsiyong hindi naabot ang inaasahang pamantayan. Ang STEM *strand* ay may *mean score* na 13.61 at *standard deviation* na 3.28, na nagpapahiwatig din ng hindi pagsunod sa inaasahang antas. Samantala, ang HUMSS *strand* ay nagtala ng *mean score* na 12.97 at *standard deviation* na 3.48, na may kaparehong deskripsiyon. Gayundin, ang ABM *strand* ay nakakuha ng *mean score* na 14.11 at *standard deviation* na 2.89, ngunit nananatiling hindi umabot sa inaasahang pamantayan. Ang mga datos na ito ay nagpapakita na mababang-mababa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat pagdating sa gramatika.

Ang resulta ay tumutugma sa pag-aaral nina Javed at Umer (2014), na nagpakita na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng suliranin at may kahinaan sa gramatika sa pagsulat. Gayundin, ayon sa pananaliksik ni Payangdao (2024), natuklasan na ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay may mababang antas ng kasanayan sa tamang paggamit ng gramatika sa kanilang pagsusulat.

**Antas sa Pagsulat ng mga Mag-aaral batay sa Mekaniks**

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, partikular sa paggamit ng mekaniks tulad ng baybay, bantas, at tamang anyo ng mga salita.

**Talahanayan 7. Resulta ng Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Akademik Trak batay sa Mekaniks**

| Pangkat | *Mean* | *sd* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| HUMSS strand | 13.07 | 3.38 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| ABM strand | 12.77 | 3.76 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| STEM strand | 13.69 | 3.22 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| **KABUOAN** | **13.18** | **3.45** | **Hindi nakamit ang inaasahan** |

Makikita sa talahanayan 7 na ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral mula sa tatlong *strands* ng akademikong trak, batay sa mekaniks, ay may kabuoang *mean score* na 13.18 at *standard deviation* na 3.45. Ang deskripsiyon nito ay hindi nakamit ang inaasahan. Sa tatlong *strands*, ang STEM *strand* ang nagtala ng pinakamataas na *mean score* na 13.69, na may parehong deskripsiyon at *standard deviation* na 3.22. Sumunod naman ang HUMSS *strand* na may *mean score* na 13.07, *standard deviation* na 3.38, at kaparehong deskripsiyon. Samantala, ang ABM *strand* ay may *mean score* na 12.77, *standard deviation* na 3.76, at nananatiling nasa parehong deskripsiyon na hindi nakamit ang inaasahang antas. Ipinapakita ng datos na sa lahat ng *strands*, mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat pagdating sa mekaniks.

Ang resulta ay pinagtibay ng pag-aaral nina Barlaan at Javier (2020), natuklasang mababa ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *senior high school* pagdating sa mekaniks ng pagsulat. Samantala, natuklasan naman sa pananaliksik ni Urbano et. al (2021) na ang mga mag-aaral sa sekondarya ay may suliranin sa paggamit ng mga mekaniks ng wika, kabilang ang wastong pagbabaybay, paggamit ng bantas, at pagbuo ng pangungusap.

**Antas sa Pagsulat ng mga Mag-aaral batay sa Estilo ng Pagsulat**

Makikita sa talahanayan 8 ang pagsusuri sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Tinataya nito ang kanilang kasanayan batay sa iba't ibang anyo at estilo ng pagsulat.

**Talahanayan 8. Resulta ng Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Akademik Trak batay sa Estilo ng Pagsulat**

| Pangkat | *Mean* | *sd* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| HUMSS strand | 12.97 | 3.82 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| ABM strand | 11.83 | 4.54 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| STEM strand | 13.68 | 3.43 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| **KABUOAN** | **12.83** | **3.93** | **Hindi nakamit ang inaasahan** |


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Batay sa talahanayan 8, makikita na ang kabuoang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral mula sa tatlong *strands* ng akademik trak, ayon sa kanilang estilo ng pagsulat, ay may *mean score* na 12.83 at *standard deviation* na 3.93. Ang deskripsiyon nito ay hindi nakamit ang inaasahang antas. Sa detalyadong pagsusuri ng datos, lumalabas na ang STEM *strand* ay may *mean score* na 13.68 at *standard deviation* na 3.43, ngunit hindi pa rin naabot ang itinakdang pamantayan. Ang HUMSS *strand* naman ay nagtala ng *mean score* na 12.97 at *standard deviation* na 3.82, na may parehong deskripsiyon. Samantala, ang ABM *strand* ay may *mean score* na 11.83 at *standard deviation* na 4.54, na nagpapakita rin ng hindi pag-abot sa inaasahang antas. Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na mababang-mababa ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa estilo ng pagsulat.

Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, sinusuportahan ito ng resulta ng pananaliksik ni Guanzon (2019), na naglahad na ang mga mag-aaral sa *Grade* 12 ay may kinakaharap na hamon sa pagsulat, partikular sa pagbuo ng magkakaugnay na kaisipan at angkop na estilo ng pagpapahayag. Katulad nito, tumutugma rin ang natuklasan sa pag-aaral nina Gamilo at Aggabao (2019), na binigyan ng diin ang suliranin ng mga mag-aaral sa pagpili ng naaangkop na paraan ng pagpapahayag ng kanilang mga idea, damdamin, at mensahe.

**Ugnayan ng Kakayahang Panliterasi sa Pagbasa at Kakayahang Panliterasi sa Pagsulat**

Makikita sa talahanayan 9 ang makabuluhang ugnayan ng kakayahang panliterasi sa pagbasa at kakayahang panliterasi sa pagsulat. Ipinapakita nito kung paano nagkakaugnay ang dalawang kasanayan.

**Talahanayan 9: Analisis sa Kakayahang Panliterasi sa Pagbasa at Kakayahang Panliterasi sa Pagsulat ng mga Mag-aaral**

| Baryabol | *Correlation Coefficient (r)* | Deskripsiyon | *p-value* | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagbasa Pagsulat | 0.336 | Mababang Relasyon | 0.001 | Hindi tanggapin ang *Null* Ipotesis | Makabuluhan |

*@ 0.05 level of significance*

Makikita sa talahanayan 9 na ang *value* ng *correlation coefficient (r)* ay 0.336, at may deskripsiyon na mababang relasyon. Samantala, ang *p-value* ay 0.001 na mas mababa sa karaniwang *significance level* na 0.05. Ipinahihiwatig nito na habang humuhusay ang kasanayan sa pagbasa, may posibilidad na humusay din ang kasanayan sa pagsulat, ngunit hindi ito gaanong matibay na ugnayan. Sa kabilang banda, dahil ang *p-value* ay mas mababa kaysa sa karaniwang ginagamit na *significance level* na 0.05, itinuturing na may makabuluhan o *statistically significant* ang ugnayan ng kakayahang panliterasi sa pagbasa at kakayahang panliterasi sa pagsulat. Ito ay nangangahulugang ang relasyon sa pagitan ng pagbasa at pagsulat ay totoo at hindi bunga ng pagkakataon lamang. Kung gayon, ipinahihiwatig nito na *rejected* o hindi tinatanggap ang *null* ipotesis ng pag-aaral. Bagamat may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagbasa at pagsulat batay sa estadistika, ito ay mahina. Ipinapahiwatig nito na maaaring may iba pang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa pagsulat bukod sa kakayahan sa pagbasa.

Ang resulta ay pinagtibay ng pag-aaral nina Risman et. al. (2018) na natuklasang may mababang relasyon ang gawi sa pagbasa sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Gayundin, natuklasan sa pag-aaral nina Juriati et. al. (2018) na may mababang ugnayan ang komprehensiyon sa pagbasa sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

**Kongklusyon at Rekomendasyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral, natukoy na ang antas ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay may pagkakaiba-iba. Bagaman mahusay ang kanilang literal na komprehensiyon, hindi nila nakamit ang inaasahang antas sa inferensiyal at kritikal na komprehensiyon. Samantala, sa pagsulat, natuklasan na sa lahat ng krayterya—nilalaman, organisasyon, gramatika, mekaniks, at estilo—ay hindi rin nila naabot ang inaasahang antas. Ipinapakita rin ng pagsusuri na may mababang relasyon sa pagitan ng kakayahang panliterasi sa pagbasa at pagsulat. Gayunpaman, ang ugnayang ito ay makabuluhan sa estadistikal na pagsusuri. Ipinapahiwatig nito na bagaman may


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

koneksiyon ang dalawang kasanayan, kinakailangan ang mas masusing interbensiyon upang mapalakas ang parehong aspekto ng panliterasi ng mga mag-aaral.

Sa pagbibigay ng tugon sa mga natukoy na kakulangan, inirerekomenda na palakasin ang inferensiyal at kritikal na pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiyang naglalayong mapaunlad ang kanilang pagsusuri at interpretasyon ng mga binabasa. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng pagtuturo ng *higher-order thinking skills* (HOTS), pagbibigay ng mga tanong na nangangailangan ng malalim na pag-unawa, at pagsasanay sa paggawa ng hinuha mula sa mga tekstong binabasa. Sa pagpapabuti naman ang kasanayan sa pagsulat, kinakailangang magsagawa ng mas maraming pagsasanay na nakatuon sa nilalaman, organisasyon, gramatika, mekaniks, at estilo. Maaaring gamitin ang *peer editing*, *writing workshops*, at iba pang makabagong estratehiya upang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa masining at malinaw na pagpapahayag ng kanilang mga idea.

Dahil natukoy na may kaugnayan ang kakayahan sa pagbasa at pagsulat, mahalaga ring isulong ang integratibong pagtuturo ng dalawang kasanayang ito. Maaaring ipatupad ang mga gawain sa klase na nagpapalakas ng parehong aspekto, tulad ng pagsulat ng sanaysay batay sa binasang akda o paggawa ng kritikal na repleksiyon sa isang tekstong pinag-aralan. Sa ganitong paraan, mas nagiging makahulugan at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod dito, mainam na gumamit ng iba't ibang pantulong sa pagtuturo upang higit na mapadali at maging mas interaktibo ang proseso ng pagkatuto. Ang paggamit ng *graphic organizers*, teknolohiyang pang-edukasyon, at iba't ibang anyo ng panitikan ay maaaring makatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral at pagpapabuti ng kanilang pagsusulat. Sa huli, mahalaga ang patuloy na pagsubaybay at pagtatasa upang masukat ang progreso ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat. Ang rmadalas na *formative assessments*, paggamit ng rubriks, at pagbibigay ng malinaw na fidbak ay makatutulong upang matukoy ang mga aspekto na nangangailangan pa ng pagpapabuti. Sa pamamagitan ng mga rekomendasyong ito, mas mapalalakas ang kakayahang panliterasi ng mga mag-aaral at mas matutulungan silang magkaroon ng mas mataas na antas ng pag-unawa at pagpapahayag.

**MGA SANGGUNIAN**

Barlaan, J. & Javier, C. (2020). Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School gamit ang Teknolohiya. Academia. https://www.academia.edu/86995186

Bruma, R. & Marbella, F. (2019). Kabisaan ng Strategic Intervention Material (SIM) sa Pagsulat sa Filipino 7. Academia. https://www.academia.edu/42247795

Caspe, L. J. P. (2024). Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa at ang Kanilang Akademikong Pagganap. *The American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 07(02),79-83. https://doi.org/10.56805/ajhssr

Fernandez, R. J. (2021). Assessment of Reading Comprehension Levels Among Grade 11 Senior High School Students: Towards the Development of Proposed K-12 Context Appropriate Instructional Tool. *International Journal of Advanced Research*, 09(01), 431-466. https://dx.doi.org/10.21474/IJAR01/12313

Flores, M. S. (2020). Kritikal at Inferensyal na Kakayahan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Larangan ng Filipino ng Visayas State University. *International Journal of Research Studies in Education*, 09(03), 51-61. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5825

Gamilo, D. & Aggabao, R. (2019). Composition Writing Skills of Senior High School Students. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences*, 08(07), 19-36. https://garph.co.uk/IJARMSS/July2019/G-2685.pdf

Graham, S. & Harris, K. R. (2020). The role of self-regulation and transcription skills in writing and writing development. *Educational Psychologist*, 04 (02), 102-114. https://doi.org/10.4324/9780203763353-9

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Guanzon, M. D. (2019). Pagsulat Linangin Unahin Motibasyon Aangat Ang Sulatin (Pluma): Sagot Sa Pagbasa at Pagsulat. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 03(02), 116-137. https://doi.org/10.4421/5380205761363-6

Hernandez, H. P., Amarles, A. M., & Raymundo, M. C. Y. (2017). Blog-assisted feedback: Its affordances in improving College ESL students' Academic writing skills. *The Asian ESP Journal*, 13(2), 100-143.

Ichiano, E. R. (2014). Mga Kamalian sa mga Sulating Pormal sa Filipino ng Ikalawang Taon Pansekundarya: Batayan sa Pagpapaunlad ng Pagsulat at Pakikipagtalastasan. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*, 10 (07), 149-153. https://doi.org/10.36713/epra2013

Javed, C. Z. & Umer, M. (2014). Saudi EFL Learners' Writing Problems: A Move Towards Solution [Conference Session]. Global Summit on Education, Kuala Lumpur, Malaysia. E- ISBN 978-967-11768-5-6. WorldConferences.net

Juriati, Dewi & Ariyanti, Ariyanti & Fitriana, Rinda. (2018). The Correlation Between Reading Comprehension and Writing Ability in Descriptive Text. *Southeast Asian Journal of Islamic Education*, 01 (03), 01-14. https://doi.org/10.21093/sajie.v1i1.1150.

Lasala, C. (2014). Communicative competence of secondary senior students: Language instructional pocket. *Social and Behavioral Sciences*, 134, 226 – 237. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2014.04.243

Misa, R. (2021). Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (ASHSSR)*, 5(10), 58-68.

Pablo, J. C. I. & Lasaten, R. C. S (2018). Writing Difficulties and Quality of Academic Essays of Senior High School Students. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 6(4), 46-57.

Parieto, N., Naval, V. & Carey, T. (2017). Practical Research 2 Quantitaive for Senior High School. Metro Manila: LORIMAR Publishing Inc.

Payangdao, J. (2024). Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral ng Batsilyer sa Sining sa Filipino. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 04(06), 455-467. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/09/6-IJAMS-JUNE-2024-455-467.pdf

Risman, K., Jufrizal, A. & Rozimela, Y. (2018). The Correlation between Reading Habit and Students' Writing Ability. *International Journal of Science and Research (IJSR)*, 8(5), 221-224. https://doi.org/10.21275/ART20197528

Sunio, C & Guzman, R. (2024). Lawak ng Bokabularyo at Antas ng Pag-unawa ng Piling Pampublikong Mag-aaral sa Filipino. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*, 10(4), 298-303. https://doi.org/10.36713/epra16434

UNESCO (2018). Literacy for all: The challenges of lifelong learning. Global monitoring report. https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000143325.

Urbano, C. M., Gumangan, M. A., Gustillo, L. & Capacete, M. P. A. (2021). Reading and Writing Needs of Senior High School Students: The Case of Filipino Students in the Philippines. *Modern Journal of Studies in English Language Teaching and Literature*, 3(1), 140-166. https://doi.org/10.56498/31202154



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!